Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-24 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

## *KAPASIYAHAN BLG. 131-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAHIHINTULUTAN ANG MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA MULING MAKAUTANGSA ~~PARAANG~~ SALARY LOAN O MAKAPAGRENEW NG KANILANG MGA UTANG SA PHILIPPINE NATIONAL BANK (PNB), SANGAY NG SANTA CRUZ, LAGUNA.*

*SAPAGKA'T*, matapat ang hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na matulungan ang mga naglilingkurang kawani nito partikular ay nasa posisyong permanente na makapangutang sa Philippine National Bank sa pamamagitan ng paraang "salary loan" upang matugunan ang pangangailangang pinansyal lalo na sa panahon ng kagipitan;

*SAPAGKA'T*, patuloy na isinasagawa ng Phil. National Bank ang pagpapautang sa paraang "salary loan" na inaakalang makatutulong nang malaki sa mga kawani ng pamahalaan umaasa lamang sa kanilang mga suweldo;

*SAPAGKA'T*, ang pag-utang ay nababatay sa takdang panahon at interest ng inutang ayon sa nilalayon ng kasunduan;

*SAPAGKA'T*, lubhang kabigatan sa mga kawani ng pamahalaan lalo na ang mga may maliliit na kinikita na makapangutang sa mga "loan sharks" na mahirap bayaran sa maikling panahon bukod sa laki ng tubong nakapatong sa inutang;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa kapakanang pangkagalingan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Pahintulutan ang mga kawani ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na muling makautang sa paraang "salary loan o makapagrenew ng kanilang mga utang sa Philippine National Bank, Sangay ng Santa Cruz, Laguna.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Domingo Panganiban, Philippine National Bank, Sangay ng Santa Cruz, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
*Pang. Punong Bayan*
*Tagapangulo*

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan